

Chapter One



“You’re desperate, Andi.”

“No offense, girl, you’re no-nonsense but your idea seems...”

“Crazy and unthinkable! Oh my gosh, ano ba’ng iniisip mo?”

“Whoa, wait. Could you two shut up for a sec? I’m just saying that’s the best idea I came up with considering the situation. Wala naman akong sinabing iyon ang gagawin ko.” Halos maubos ang isang basong iced tea sa isang tunggaan bago muling hinarap ni Andi ang mga naglilitanyang kaibigan.

Jena’s dazed eyes and contorted lips made her look like a petrified tarsier habang si Greg ay nagmukhang maton dahil sa nawalang poise. Parehong nakatulala ang dalawang kaibigan sa kanya.

“Hey! Kanina lang ayaw n’yo akong tantanan ta’s ngayon nakanganga kayong dalawa ryan. Kailangan ko ng tulong n’yo, okay?”

Pumitik sa ere si Greg saka seryosong hinarap si Andi. “Let me process it, girl. Ikakasal ang kapatid mo sa susunod na buwan. Uuwi ka ng Mindoro, with us.”

“You’re right.” Tumango si Andi. Nakangiti.

“But the catch is... hindi ka pupunta ng kasal nang walang kasamang boyfriend?” Si Jena, bakas pa rin sa mukha ang pagkamangha.

“So alam n’yo na ang problema. Ano, tutulongan n’yo ba ako?”

“Tutulongan kang mag-uwi ng boyfriend, gan’un? One year ka nang single... teka, baka naman meron kang hindi sinasabi sa amin.” Nang-iintriga ang mga mata ni Jena, nasa boses din nito ang panunudyo.

“Nagkabalikan ba kayo ni Eric? Kelan pa? And you didn’t tell us?”

“OA ka, Gregorio San Juan.” Sumubo ulit si Andi ng nangangalahati nang cheesecake bago muling nagsalita. Nagbago ang kaninang masigla niyang tinig. Sensitive yata siya pag ex-boyfriend na ang topic. “No, Eric and I are not back together. At wala akong planong makipagbalikan sa womanizer na ’yun.”

Isang taon na mula nang maghiwalay sila. Namayani ang lungkot at galit sa loob niya nang bumalik ang alaala ng gabing pagtaksilan siya nito. She trusted Eric more than anyone else. Minahal niya ito nang higit pa sa sarili niya. And that was the biggest mistake she made in her life.

“Then what’s this bring home a boyfriend thing?” Si Jena ulit.

Napukaw nito ang panandaliang pagbalik ni Andi sa nakaraan. She took a deep breath. Hindi madaling pag-usapan ang anuman basta tungkol sa ex-boyfriend. Bringing back painful memories was like scratching an old wound. Malalim ang sugat na iniwan ng panloloko sa kanya ni Eric.

“Mahabang istorya. Remember last year n’ung umuwi

ako para um-attend ng family reunion namin? I just broke up with Eric, di ba? Well... Si Mama at saka si Papa, pati mga kapit-bahay, they kept on bugging me na ipakilala ko siya pag-uwi ko ng probinsya. Mantakin n'yo, buong barangay yata ang nag-assume na mauunahan ko pa ang mga kapatid ko na maikasal. So to shut them up I told them na mauuna ang kapatid ko pero my boyfriend would definitely be there to attend the wedding.”

“Ang kaso wala kang nobyo. Sabihin mo na lang ang totoo.”

“Alam n'yo namang wala silang alam sa nangyari. Mas madami pa akong ipapaliwanag pag nagkataon. Kahapon tumawag si Ate Adelma. Excited na daw ang lahat, not about the wedding—”

“Excited silang makilala si Eric. Oh my gosh, you're in big trouble, girl,” natatawang sabi ni Greg.

“Just tell them the truth. Bakit, hindi ba matutuloy ang kasal ng brother mo kung wala kang bitbit na lalaki?” Jena rolled her eyes at sinimulang papakin ang cheesecake nitong kanina pa nakatiwangwang. “Besides, baka may mapili ka sa inyong napaka-primitive na nayon, di ba? Who knows, a guy from your hometown might be the one.”

Napabuntong-hiningang hinarap muli ni Andi ang pagkain. Wala rin siyang nakuhang solusyon mula sa mga kaibigan. Pero ayos na sa kanya na nariyan ang mga ito upang damayan siya.

“You're right. I'll just cross the bridge when I get there.”



Mula sa pinagtatrabahuhang publishing company ay dumerecho sa kanyang condo si Andi. Sa isang lifestyle editor na tulad niya, Friday was the most hectic day of the week. Everyone else was beating deadlines for last minute reviews and it had been a hell of a day! Sabado bukas pero babalik pa rin siya sa opisina upang tapusin ang mga naiwang trabaho.

Mr. Samson Santiago, their editor-in-chief, wanted the multi-awarded half-British actor Javier Scott to be featured in their August issue. Javier was born in the Philippines.

Although once in a while ay napapanuod niya si Javier, she was never a fan. Marahil mas swak sa kanyang personal preference ang mga totoong tao. Andi didn't associate actors with reality.

The first TV drama that Javier joined became super popular and had high ratings, making him a household name. Guwapo ang binata at mestizo, dahil na rin siguro sa foreign ancestry nito.

May nababasa siyang articles na may pagkababaero ito. Ilang beses itong na-link sa mga sikat na aktres at socialites. Pero mukhang wala itong sineseryoso sa aspetong iyon. Pilantropo rin ang aktor. Bukod sa mga charitable institutions na beneficiary nito, nagtayo ito ng foundation para sa mga batang inabandona ng kanilang mga amang banyaga.

Well, at least, it was something admirable about him. O bahagi lamang ba iyon ng pagpapabango ng binata

upang matakpan ang womanizer image nito?

Maybe it was some sort of publicity stint. After all, show business is show business. And Javier was no exception... Tekang, bakit ba niya hinuhusgahan ang actor gayong hindi pa niya ito nakikilala? Hindi kaya nakikita niya si Eric kay Javier?

Pinalis niya ang isiping iyon at ibinalik ang focus sa mga cut and pasted news clippings tungkol sa 'centerfold guy' niya. As to the actor's fashion choices—base sa tingin niya—he was definitely stylish.

Kaya nga marahil gusto ni Mr. Santiago na ma-feature ang actor sa magazine nila. Sa isang thriving publishing company na tulad ng *Metro Hub*, ang mailathala ang isang Javier Scott ay maaaring magbigay sa kanila ng oportunidad na maungusan ang *Metro Style*, ang leading lifestyle magazine sa Pilipinas.

Ngunit sadyang mailap ang lalaki.

“Guwapo nga, babaero naman. How conceited can he get? Mga lalaking tingin sa sarili ay Olympian god...” kausap ni Andi sa sarili, pero kaagad ding binura ang side comment at pinagalitan ang sarili sa pagiging mapanghusga.

Naisip niyang tawagan ang ate niya. Maingat niyang inilapag ang folder na naglalaman ng mga impormasyon ukol kay Javier Scott. Iniuwi pa talaga niya iyon.

“Ate Adelma, naipadala ko na 'yung final print-out ng invitations noong isang araw. Abisuhan mo ako pag natanggap mo na,” bungad niya nang sagutin ng kapatid ang tawag.

“Thanks, Andrea, you’re an angel. Siya nga pala, may isa pang pabor na hihingin si Kuya Henry sa ’yo.”

Kumunot ang noo ni Andrea. “Pakisabi kay Kuya Henry I should get paid, ginagawa na niya akong alipin. What is it anyway?”

Narinig niyang napahalakhak ang ate niya.

“Sinabi mo pa. Ako nga, mula sa flower arrangement hanggang menu preparations, aligaga na dito. Ano lang, baka may ipapasabay siya sa ’yo pag-uwi mo dito.”

Agad sumagi sa isip ni Andi na marahil siya ang uutusang mag-uwi ng mga give-aways para sa upcoming wedding.

“Hey, hindi ko dadalhin ang kotse pauwi. Baka kung anu-anong boxes ’yan, ah. Mahirap magbitbit!”

Tumawa ulit ang ate niya. “Hindi naman bagahe ang ipapasabay sa ’yo.” Sadyang ibinitin ni Adelma ang sasabihin.

“Ano pala?” takang tanong niya.

“Sino. Isa sa mga groomsmen.”

Halos mabitawan ni Andi ang phone sa narinig. “What? Wait, are you kidding me? Ipapasabay niya sa akin, hindi ko kilala. Malay ko ba kung pwedeng pagkatiwalaan ’yun. No, hindi ako papayag.”

“The guy is Jasmin’s cousin.” Ang tinutukoy ng kapatid ay ang mapapangasawa ng kanyang Kuya Henry na sa susunod na buwan nga ay ikakasal na sa kanilang ancestral house sa Oriental Mindoro.

Tatlong beses na silang nagkita ni Jasmin ngunit hindi siya masyadong close dito. Siguro dahil sa Manila

siya nag-i-stay habang ang Kuya Henry niya at ang fiancée nito ay nakabase sa kanilang probinsya.

“O, eh, bakit hindi na lang ang ibang kamag-anak ni Jasmin ang sumundo doon sa abay? Tsaka hindi ba marunong magbasa ng mapa ang lalaking ’yun? O magtanung-tanong? Hindi naman siya maliligaw sa Oriental Mindoro...”

“Sige na, Andi, pumayag ka na. They guy’s driving all the way down here, pwede kang sumabay. He doesn’t know the place. Pihadong mababaliw ka sa katitili kapag nalaman mo kung sino.” Humagikgik pa si Adelma. Alam niyang kinikilig ito. “Oops, kasama mo nga pala ang boyfriend mo pag-uwi. I hope he doesn’t mind sakaling isabay mo si Javier.”

“Javier...?”

“Oo, hindi mo ba binasa ang invitation?”

Habang iniipit ang phone sa balikat at tainga ay naghagilap siya ng copy ng invitation sa kayang drawer.

“Okay lang, Andi. I’ll just tell Kuya Henry na hindi talaga pwede.”

“No, Ate Adelma. Wait, I’m looking for the invitation.” Napa-yes siya nang makita iyon. Nanlaki ang mga mata niya at halos mapasigaw siya nang makita ang isa sa mga pangalang kasama sa wedding entourage.

“Okay, Ate, I’ll do it! Tell Kuya Henry, everything is settled.” Halos tumalon ang puso ni Andi nang maibaba ang phone.



Parang mga timang na nakahilera ang tatlo habang

nakatanaw sa kawalan. Si Greg, nakatingin sa glass wall ng coffee shop na animo'y lumulutang. Si Jena, in her usual OA mode. At si Andi, malawak ang ngiti na parang nanalo ng jackpot sa lotto.

“Javier Scott. The movie actor,” ani Greg.

Tumango si Andi.

“Teleserye royalty.”

“Yeah.”

“And he is in the wedding entourage!”

“Yes.”

“Javier is your brother’s fiance’s cousin.”

“Uh... huh.”

“At uuwi siya ng Mindoro.”

“Oo nga sabi!”

“Kasama ka. In his car.”

Matapos ang ilang segundo ng pagkamangha ay sabay na tumili ang dalawa na halos ikabingi ni Andi. Tila mapapatid ang mga litid ng dalawa, hindi alintana ang ibang parokyanong naroon din sa coffee shop. Bakas sa mga mukha ng mga ito ang pinaghalong kilig at excitement.

Tinakpan ni Andi ang mga tainga.

“This is not happening, girl. Slap my gorgeous face!”
Si Greg, um-OA lalo.

“Guys, calm down. It isn’t confirmed yet. Ang sabi ni Ate Adelma, ibinigay na ni Jasmin ang number ko kay Javier. Hihintayin ko pa siyang tumawag. And if the guy has no work commitments, he’ll stay in Mindoro the whole week para magbakasyon na din. ‘Yun ang alam ko.”

“Oh my gosh, magpa-file na ako ng one week emergency leave sa trabaho. Baka kailanganin ako ni Javier habang bakasyon. You know, I could be his dakilang alalay!” Si Jena, pinatirik pa ang mga mata sa kilig. “I’m worried, baka walang magpapaligo sa kanya habang nasa province siya.”

“Over my dead slim figure, bitch. Subukan mong makalapit sa prince charming ko, baka abutin ka ng madaling araw kakapulot ng buhok mo once na kalbuhin kita,” birong pagbabanta ni Greg. “Javier is mine!”

“Ang OA n’yo, ha. Ipupusta ko ang virginity ko, di kayo papansinin ng Javier na ’yun, no?”

“That I cannot believe!” si Greg.

“Na snob ang Javier na iyon sa personal?”

“Na virgin ka pa!” tili ulit ni Greg. At tumawa ito na nakakainsulto.

Si Jena naman ay umarteng pikon sa comment niya.

“Tumigil na kayo, ha,” sawata niya sa dalawa. “And just to make it clear, I have my own motive kaya pumayag ako sa pakiusap ni Kuya Henry at Ate Jasmin.”

Si Jena ang sumabat. Nasa tinig ang pang-aalaska. “And what could that be? Ang mapansin ni Javier Scott hanggang sa ikaw ang mapili niyang bagong apple of the eye dahil nagsawa na siya sa mga modelo at artistang nagkakandarapa sa kanya? Well, uso naman iyan sa drama.”

“Hay naku, Jena. Ni hindi ko pa nga kilala ang lalaking iyon, at kung pagbabatayan ang mga nababasa ko tungkol sa kanya... Saka isa pa, wala akong planong

gumawa ng sakit ng ulo. Gusto mo yatang kuyugin ako ng taumbayan.”

“Ang layo na ng narating ng imagination mo. Sasamahan mo lang naman si Javier,” pang-aalaska ni Jena.

Si Greg ang sumabad, malisyoso ang tingin. “Heto ang scenario. Pauwi ng Mindoro, Andrea Benedicto is in Javier Scott’s car. Habang nasa daan, titigil si Javier sa madilim na parte ng *SLEX*. Titingin siya kay Andi and he’d realize na kaharap niya ang isang napakagandang dyosa. Spark dito, spark d’un! Andrea who has been longing for a man’s kiss, closes her eyes habang palapit nang palapit sa kanya ang mukha ni Javier. And, oh...”

“Tantanan mo ako, Gregorio, ha! Nakakahiya ka!” Napalitan ng pagkaasiwa ang nararamdaman niyang kilig sa panunukso ng mga ito nang sumagi ulit sa isip niya ang ex-boyfriend.

Bakit ba lagi niyang naaalala si Eric pag napag-uusapan si Javier? Could it be because they have a common denominator? Ang magpaikot ng mga babae sa kanilang mga palad.

“So ano iyang motibo na sinasabi mo? Pagpapanggapin mo si Javier na boyfriend mo? As if maniniwala sila sa ’yo, eh, may mga kamag-anak din siguro ng lalaking iyan na dadalo ng kasal,” nakaismid na sabi ni Jena, umiiling pa.

“Ilang linggo na kasi akong kinukulit ni Mr. Santiago na i-feature sa centerfold ng August issue ng *Metro Hub* si Javier. Kailangan ko siyang ma-interview at chance

ko na ito. Ilang beses na naming sinubukang makausap ang manager niya, pero wala. Then came the wedding and the invitation kung saan groom's man siya. Perfect opportunity, di ba?"

Mukhang kumbinsido si Greg sa paliwanag niya, pero puno pa rin ng duda ang mga titig ni Jena.

"Anong tingin 'yan?" natatawang tanong niya rito.

"Wala lang. I know something special will happen."

"Interview lang ang mangyayari," giit niya.

"Sabi mo, eh..." kubit-balikat na pagtatapos nito.

